# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG OKTUBRE 21, 2024, LUNES, IKA-09:50 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad – may karamdaman |

RELEASED NAME DATE 11/9/24 TIME OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED By: Date: 18 NOV 2024 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 365-T2024**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 071-T2024 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 002-T2024 NG BARANGAY SAN JUAN, SANTA CRUZ, LAGUNA NA MAILABAS ANG TRUST FUND AT PONDO MULA SA QUICK RESPONSE NG BARANGAY DISASTER RISK REDUCTION MANAGEMENT FUND NG TAONG 2020 – 2023 NA MAY KABUUANG HALAGANG P224,500.00 UPANG ILAAN PARA SA FUEL, OIL AND LUBRICANTS (P40,000.00); PURCHASE OF MEDICINES, FIRST AID KITS AND STOCKPILE (P70,000.00) AT PURCHASE OF RESPONSE AND RESCUE EQUIPMENT AND SUPPLIES (P114,500.00) NG BARANGAY.**

**SAPAGKAT**, may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng San Juan sa sangguniang ito na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 071-T2024 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 002-T2024 na mailabas ang Trust Fund at pondo mula sa Quick Response ng Barangay Disaster Risk Reduction Management Fund upang ipambili ng mga kagamitang nakasaad sa itaas nito;

**SAPAGKAT,** ang nasabing kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, may pasubaling anumang gagawing paglalabas ng gugulin ay pananagutan ng Sangguniang Barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Lea A. Almarvez, Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Mark Anthony M. Juangco, at Kgg. Lucena R. Odejar at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 071-T2024 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 002-T2024 ng Barangay San Juan, Santa Cruz, Laguna na mailabas ang Trust Fund at pondo mula sa Quick Response ng Barangay Disaster Risk Reduction Management Fund ng taong 2020 – 2023 na may kabuuang halagang 224,500.00 upang ilaan para sa Fuel, Oil and Lubricants (P40,000.00); Purchase of Medicines, First Aid Kits and Stockpile (P70,000.00) at Purchase of Response and Rescue Equipment and Supplies (P114,500.00) ng barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, at Sangguniang Barangay ng San Juan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Oktubre 21, 2024**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

LAM/CEL 24

11 15 24